The Day Death Died

# Mga Himala sa Krus

WEEK 1

## WARM-UP

- Kapag magbibiyahe, ikaw ba ang klase ng tao na maingat itong pinaghahandaan o simple lang ang paghahandang ginagawa mo? Magbigay ng isang halimbawa.
- Nakaranas ka na ba ng isang pangyayari sa buhay na wala sa kontrol mo at tila hindi na maganda ang pupuntahan, pero naging maayos naman? Ano ang nangyari?
- Magbahagi ng naranasan mong kawalan sa buhay o kaya ay isang tagumpay na hindi mo malilimutan.

## WORD

51 *Nang sandali ring iyon, nahati mula sa itaas hanggang sa ibaba ang kurtina sa loob ng templo. Lumindol sa buong lupain at nagkabitak-bitak ang mga bato.*
52 *Nabuksan ang mga libingan at maraming banal ang muling nabuhay.* 53 *Lumabas sila ng libingan, at nang muling mabuhay si Jesus, pumunta sila sa Jerusalem at marami ang nakakita sa kanila.* 54 *Ang kapitan at ang kanyang mga sundalo na nagbabantay kay Jesus ay nasindak nang mayanig ang lupa at nang makita ang mga pangyayari. Sinabi nila, "Totoo ngang siya ang Anak ng Diyos!"* **MATEO 27:51–54**

(Basahin din ang **MATEO 27:45–50.**)

And salitang "himala" ay kadalasang nagbibigay sa isipan natin ng mga pangyayari na kamangha-mangha, nakakagulat, at sumasalungat sa batas ng kalikasan. At ito ang naglalarawan sa maraming mga himala na ginawa ni Jesus noong nabubuhay pa Siya sa mundo. Pero ang isang hindi masyadong marangyang himala ay ang tungkol sa katuparan ng mga propesiya. Maraming mga himala ang naganap noong pagkamatay ni Cristo sa krus, pero ang isang dakilang himala ay ang pagkamatay mismo ng kamatayan. Ito ay sinabi na ng mga propesiya bago pa man ito nangyari.

## 1 Ang kamatayan ni Cristo ay katuparan ng plano ng Diyos.

*Nang mag-alas tres na ng hapon, sumigaw si Jesus nang malakas, "Eloi, Eloi, lema sabachtani?" na ang ibig sabihin ay "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?"* **MATEO 27:46**

(Basahin din ang **SALMO 22; 69:21.**)

Ang Salmo 22, na matagal nang naisulat bago pa man ang pagkapako ni Cristo sa krus, ay naglalaman ng mga detalye na nangyari lamang noong pagkapako at kamatayan ni Jesus sa krus: ang larawan kung saan napapaligiran Siya ng mga hindi Judio; ang pagkatusok ng Kanyang mga kamay at paa; at ang pagbubunutan para sa Kanyang mga damit. Nang sabihin ni Jesus ang mga salitang *"Eloi, Eloi, lema sabachtani?"* hindi Niya sinasabing iniwanan na Siya ng presensya ng Ama. Sa halip, gusto ni Jesus na tukuyin ang isang propesiya. Ito ang plano ng Diyos sa simula pa lang; hindi ito isang aksidente. Hindi kailanman iniwan ng Ama ang Kanyang anak. Ano ang sinasabi nito tungkol sa soberanya o dakilang kapangyarihan ng Diyos?

## 2 Ang kamatayan ni Cristo ay nagbukas ng daan patungo sa presensya ng Diyos.

*Nang sandali ring iyon, nahati mula sa itaas hanggang sa ibaba ang kurtina sa loob ng templo. Lumindol sa buong lupain at nagkabitak-bitak ang mga bato.* **MATEO 27:51**

Sa sandali ng kamatayan ni Jesus, *ang kurtina sa loob ng templo ay nahati* sa gitna. Noong panahon ni Jesus, ang kurtinang ito ang humahati at naghihiwalay sa Banal na Lugar at Pinakabanal na Lugar, kung saan tanging ang punong pari lamang ang makakapasok isang beses sa isang taon, na maaari pang maging sanhi ng sarili niyang kamatayan dahil ang kaluwalhatian ng Diyos ay nasa Pinakabanal na Lugar. Nang napunit ang kurtina, sinisimbolo nito ang pagbubukas ng daan

patungo sa presensya ng Diyos para sa lahat, hindi lamang para sa punong pari. Dahil sa pagkamatay ni Jesus, maaari na tayong lumapit sa Diyos araw-araw. May mga pagkakataon bang pakiramdam mo ay kailangan mong ihanda ang iyong sarili bago kausapin ang Diyos? Ano ang sinasabi sa iyo ng Hebreo 10:19–22 tungkol dito?

## 3 Ang kamatayan ng Diyos ay nagbukas ng pinto tungo sa muling pagkabuhay.

*[52]Nabuksan ang mga libingan at maraming banal ang muling nabuhay. [53]Lumabas sila ng libingan, at nang muling mabuhay si Jesus, pumunta sila sa Jerusalem at marami ang nakakita sa kanila.* **MATEO 27:52–53**

Ang kamatayan ni Jesus sa krus ang nagbukas ng daan para sa muling pagbangon ng lahat. Sa pagkamatay Niya, ang libingan ng mga tinawag na maging banal ay nabuksan. Nang namatay si Jesus, hindi lamang nagkaroon ng katuparan ang buong Lumang Tipan at nabuksan ang daan patungo sa presensya ng Diyos; ipinakita rin Niya na ang huling hantungan natin ay hindi kamatayan, kundi kaluwalhatian. Sa huli, ang mga mahimalang pangyayari na nakapalibot sa kamatayan ni Jesus ay tumukoy sa tunay na himala na hindi maitatanggi ng mga nakakita nito: na si Jesus ang Anak ng Diyos (Mateo 27:54). Paano nito mababago ang pananaw natin sa kamatayan? Ano ang sinasabi ni Pablo tungkol sa tagumpay laban sa kamatayan na naganap sa krus (1 Corinto 15:54–57)?

## APPLICATION

- Nakakita ka na ba ng mga pangyayari na hindi mo mapaliwanag? Paano ka magtitiwala sa mga pamamaraan at layunin ng Diyos na mas nakahihigit sa pamamaraan at layunin natin?
- May mga panahon ba na naramdaman or nararamdaman mong mag-isa ka? Sa kabila ng mga mahihirap na sitwasyon, paano dapat maapektuhan ng kamatayan ni Cristo ang pamumuhay mo ngayon?
- Ano ang kaisipang nakalakihan mo tungkol sa paglapit sa Diyos (kung mayroon man)? Mula sa mga pinag-usapan natin ngayon, ano ang natutunan mo tungkol sa paglapit sa Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa mga mahiwagang pangyayaring nakapaligid sa kamatayan ni Jesus sa krus. Pasalamatan Siya sa katiyakan ng Kanyang mga plano na mas maganda kaysa sa anumang plano natin at para sa ating kabutihan.
- Ipanalangin na sa pamumuhay mo, magpapasakop ka sa Diyos at malaya mo Siyang lalapitan.
- Ipanalangin na magawa mong magbahagi sa iba tungkol kay Jesus, na nagtagumpay laban sa kamatayan para sa atin.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Ruth Gloria, Madel Vanguardia, Kriscel Wee

victory.org.ph